MRSA (Methicillin Resistant Staphylococcus Aureus)

What is MRSA?

Staphylococcus aureus, also called staph, is a type of germ known as bacteria. Many healthy people have this germ on their skin and in their nose. Staph germs most often cause an infection on the skin as lesions, pimples or boils. The infection can get into a surgical site, in the blood or cause pneumonia. If the infection gets worse, the signs may be tiredness, nausea or vomiting, shortness of breath, chest pain or skipped heart beats.

Methicillin resistant staphylococcus aureus, or MRSA, is a type of staph infection that is hard to treat because it cannot be killed by many common antibiotics. MRSA can infect any part of the body. MRSA is becoming a more common infection.

How is MRSA spread?

Anyone can get a staph infection, but people are at higher risk if they have:

- Skin-to-skin contact with someone who has a staph infection.
- Contact with items and surfaces that have the staph germ on them. This could be sports equipment, tattoo needles or other equipment.

MRSA (Methicillin Resistant Staphylococcus Aureus)

Ano ang MRSA?

Ang Staphylococcus aureus, na tinatawag din na staph, ay isang uri ng mikrobyong tinatawag na bakterya. Maraming malulusog na mga tao ang nagtataglay ng mikrobyong ito sa kanilang balat at ilong. Ang mga mikrobyong staph ay karaniwang nagdudulot ng impeksyon sa balat bilang mga sugat, mga tagihawat o mga pigsa. Ang impeksyon ay maaaring makapasok sa kinalalagyan ng pinag-opera, sa dugo, o maaaring magdulot ng pulmunya. Ilan sa maaaring mga palatandaan ng paglala ng impeksyon ay ang pagkapagod, pagkahilo o pagsusuka, kakapusan ng hininga, pagsakit ng dibdib o pagtalon ng tibok ng puso.

Ang Methicillin resistant staphylococcus aureus, o MRSA, ay isang uri ng impeksyong staph, na mahirap gamutin dahil ito ay hindi madaling napapatay ng mga antibyotiko. Maaaring maimpekta ng MRSA ang anumang bahagi ng katawan. Nagiging mas pangkaraniwang impeksyon ang MRSA.

Paano kumakalat ang MRSA ?

Ang sinuman ay maaaring magkaroon ng impeksyong staph ngunit mas mataas ang posibilidad ng panganib sa mga tao kapag:

- Ang balat nila ay nadiit sa taong may impeksyong staph.
- Nadiit sila ng mga bagay at mga panlabas na bahagi na mayroong mikrobyong staph. Halimbawa nito ay maaari kagamitan ng isports, mga karayom ng tatu o iba pang mga kagamitan.

- Cuts or scrapes on their skin.
- Crowded living conditions, such as schools, extended care facilities, military bases, some people's homes or prisons.
- A lot of physical contact such as sports teams.
- Poor hygiene.

Testing for MRSA

See a doctor if you or your child has a skin wound that is not healing or if there are signs of an infection, such as fever, pain, redness, warmth, swelling or drainage from skin wounds.

The doctor may collect a sample of drainage or tissue from the area and send it to a lab to test for MRSA. A blood sample may also be taken to check for MRSA in the blood. The lab test can also tell which antibiotic will be best to treat MRSA.

Babies or children placed in Intensive Care Units (ICUs) are often tested for MRSA.

How is MRSA treated?

Most staph infections, including MRSA, can be treated with certain antibiotics.

- If your doctor prescribes an antibiotic, it is **very important to take all the medicine** as ordered, even if the infection is getting better.
- If an ointment is prescribed, apply it to **all** skin lesions, even the tiny ones.

- Mayroon silang mga hiwa o mga kayod sa balat.
- Sila ay nasa masikip na mga kondisyon ng pamumuhay, tulad ng mga paaralan, mga pasilidad ng pinahabang pangangalaga, mga base ng militar at ilang mga bahay at mga kulungan ng tao.
- Sila ay madalas na nagkakaroon ng pisikal na pagkakadiit, tulad ng mga koponan ng isports.
- Sila ay hindi marunong mag-alaga ng kanilang katawan.

Pagsusuri para sa MRSA

Makipagkita sa iyong doktor kung ikaw o ang iyong anak ay may sugat sa balat na hindi gumagaling o kung may mga palatandaan ng impeksyon, tulad ng lagnat, pananakit, pamumula, kaiinitan, pamamaga o pag-agos mula sa mga sugat ng balat.

Maaaring kumuha ang doktor ng muwestra ng pag-agos o himaymay mula sa lugar ng impeksyon at ipadadala ito sa laboratoryo upang suriin kung mayroong MRSA. Maaari ring kumuha ng muwestra ng dugo upang masuri kung mayroong MRSA sa dugo. Ang pagsusuring ito ng laboratoryo ay makakapagsabi rin kung anong antibayotiko ang magiging pinakamainam sa paggamot ng MRSA.

Ang mga sanggol o mga batang nasa mga Intensive Care Unit (ICUs) ay madalas na sinusuri kung mayroong MRSA.

Paano ginagamot ang MRSA?

Karamihan sa mga impeksyong staph, tulad ng MRSA, ay maaaring magamot ng ilang mga antibyotiko.

- Kapag ang iyong doktor ay nagreseta ng antibayotiko, **mahalagang inumin ang lahat ng mga gamot,** ayon sa pagkakareseta, kahit na gumagaling na ang impeksyon.
- Kapag unggwento ang inireseta, ipahid ito sa **lahat** ng mga sugat ng balat, kahit sa pinaka-maliit na mga sugat.

- If there is a skin infection, your doctor may make an incision to drain the infection. If so, you may have a home health nurse or need to learn to do dressing changes on the wound. Be sure to follow your doctor's instructions.
- Sometimes your doctor may order special antibacterial ointment to be placed in the nose or a special soap for bathing.
- **Do not** take part in contact sports until the infection has healed.
- Call your doctor if your infection does not get better with treatment.

How do I prevent the spread of MRSA?

To prevent the spread of MRSA and other bacteria:

- Wash with soap and water or use alcohol hand sanitizer on hands often, especially after touching a skin lesion.
- Keep any cuts or lesions clean. Keep them covered with clean, dry bandages until healed.
- Do not touch other people's cuts or bandages.
- Do not share personal items like towels, razors, clothing or equipment.
- Clean surfaces where bare skin rubs such as exercise equipment, wrestling mats and surfaces in the home.
- Take a shower with soap after working out or playing sports.

- Kung mayroong impeksyon ang balat, maaaring gumawa ng hiwa ang iyong doktor upang paagusin ang impeksyon. Kung gayon, maaari kang magkaroon ng pambahay na nars, o kailangang kang matutong magpalit ng pagtatapal ng sugat. Siguraduhing sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor.
- Kung minsan ay maaaring iutos ng iyong doktor ang paglalagay ng espesyal na kontra sa bakteryang unggwento sa ilong o espesyal na sabon para sa pagligo.
- **Huwag** sumali sa anumang isports, kung saan ikaw ay madidiit sa iba hangga't hindi gumagaling ang impeksyon.
- Tumawag sa iyong doktor kapag ang iyong impeksyon ay hindi napapagaling ng lunas.

Paano ko mapipigilan ang pagkalat ng MRSA?

Upang mapigilan ang pagkalat ng MRSA at ibang mga bakterya:

- Hugasan ang kamay na may gamit na sabon at tubig o madalas na gumamit ng alkohol na pampalinis ng kamay, lalung-lalo na matapos humawak sa sugat ng balat.
- Panatilihing malinis ang anumang hiwa o sugat. Takpan ang mga ito ng malinis at tuyong mga benda hangga't hindi gumagaling.
- Huwag humawak sa mga hiwa o mga benda ng ibang tao.
- Huwag magpapahiram ng personal na mga bagay tulad ng mga tuwalya, mga pang-ahit, mga pananamit o kagamitan.
- Linisin ang mga panlabas na bahagi kung saan ang lantad na balat ay nadidiit, tukad ng kagamitang pang-ehersisiyo, mga banig sa pagbubuno at mga panlabas na bahagi ng bahay.
- Gumamit ng sabon sa pagligo pagkatapos mag-ehersisiyo o maglaro ng isports.

When should I call a doctor?

Call a doctor if:

- You or your child's condition becomes worse – the infected area has increased swelling, pain or redness.
- You or your child develops a fever, has trouble breathing or has other signs of illness such as vomiting, diarrhea or always sleeping.
- Another family member develops new skin lesions.
- Your child will not take the medicine prescribed.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital, Columbus, Ohio. Available for public use without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

Unless otherwise stated, user may print or download information from this site for personal, non-commercial use only. The medical information found on this website should not be used in place of a consultation with your doctor or other health care provider. You should always seek the advice of your doctor or other qualified health care provider before you start or stop any treatment or with any questions you may have about a medical condition. Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital are not responsible for injuries or damages you may incur as a result of your stopping medical treatment or your failure to obtain medical treatment.

Kailan ako dapat tumawag ng doktor?

Tumawag ng doktor kapag:

- Lumala ang kalagayan mo o ng iyong anak – ang nalilinang lugar ay mas namamaga, sumasakit o namumula.
- Ikaw o ang iyong anak ay nagkalagnat, nahihirapang huminga, o mayroong ibang mga palatandaan ng sakit, tulad ng pagsusuka, pagtatae, o laging natutulog.
- Nagkaroon ng bagong mga sugat sa balat ang isa pang miyembro ng pamilya.
- Ayaw inumin ng iyong anak ang iniresetang gamot.

Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor o nars kung ikaw ay may mga tanong o mga pag-aalala.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital, Columbus, Ohio. Available for public use without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.
Unless otherwise stated, user may print or download information from this site for personal, non-commercial use only. The medical information found on this website should not be used in place of a consultation with your doctor or other health care provider. You should always seek the advice of your doctor or other qualified health care provider before you start or stop any treatment or with any questions you may have about a medical condition. Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital are not responsible for injuries or damages you may incur as a result of your stopping medical treatment or your failure to obtain medical treatment.